



Enero 2020

# PRAYMER

## Rehimeng Duterte: Ang gumuguhong tibay sa 2020

**S**a natitirang kalahating panahon ng termino ng administrasyong Duterte, haaharap ito sa malalaking pagsubok sa kanyang tibay. Pangunahin na rito ang tuloy-tuloy na pagbagal ng ekonomiya sa nagdaang tatlong taon sa kabila ng pagsusumikap ng administrasyon na pagandahin ang mga numero sa pamamagitan ng mataas na paggastos ng gobyerno. Pangalawa rito, subalit may kaparehas na bigat sa nauna, ay ang tumitinding panlipunang ligalig at hamon sa pananatili sa poder ni Duterte.

Sa mahabang panahon, nakasandig ang gobyerno ng Pilipinas sa panlabas na mga salik para sa paglago ng ekonomiya. Nasa matagalang krisis ngayon ang pandaigdigang kapitalismo, at apektado ang Pilipinas. Pinatitindi ito ng kawalan ng matibay na sektor ng lokal na agrikultura at industriya, at kitang-kita ang epekto nito sa mamamayan. Inabot ang pinakamalalang kawalan ng trabaho at di-pagkakapantay-pantay sa ilalim ni Duterte. Dito na rin naranasan ang pinakamatinding pagtatakip at pagbubulid ng kasinungalingan hinggil sa lawak ng kondisyon ng kahirapan.

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines

Tels. +63 2 8927 7060 to 61  
Fax +63 2 8929 2496

[www.ibon.org](http://www.ibon.org)



Sa kabila ng pagpopostura ni Duterte na siya ay para sa mahirap, malinaw na pinalala ng kanyang neoliberal na awtoritarianismo – ang kanyang mga anti-mamamayan at maka-oligarkiyang patakaran at galaw – ang elitistang kontrol sa ekonomiya at politika.

Sa organisadong mamamayan, hamon ang natitirang dalawa't kalahating taon upang patingkarin ang katotohanan at pigilan ang pagdausdos ng demokrasya.

## **1** Ano-ano ang mga salik sa bumabagal na ekonomiya?

Bumabagal ang ekonomiya sa ilalim ng gobyernong Duterte. Mula sa mabilis na paglago ng *gross domestic product* (GDP) mula 2000 hanggang 2011 (mula 2.9% noong 2001 patungong 7.6% noong 2010), umabot sa pinakamataas noong 2012 hanggang 2016 (na may taunang abereyds na paglago na 6.6%), hanggang sa magsimulang bumaba ang tantos ng paglago sa pagtatapos ng 2016.

Mula 2016, tuloy-tuloy nang mas mababa ang tantos ng paglago (bumabagal, sa madaling salita). Galing sa 6.9% tantos ng paglago ng GDP noong 2016, tungong 6.7% noong 2017 at 6.2% noong 2018. Umabot na lamang ito sa 5.9% nitong 2019. Ito na ang pinakamababang tantos sa nakalipas na walong taon.

Totoo, pumaimbulog ang ekonomiya ng Pilipinas sa nagdaang dalawang dekada. Subalit dulot lamang ito ng pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal na nagbukas sa ekonomiya sa dayuhang kapital. Eksternal, panandalian at mababaw na mga salik ang inasahan na magtutulak ng paglago ng ekonomiya. Pangunahin ang *overseas Filipino workers* (OFW) *remittances* at dayuhang pamumuhunan na nakatuon sa eksport, lalo na sa *business process outsourcing* (BPO) at dayuhang manupaktura na mababa ang dagdag na halaga.

Nagdulot ito ng pagtaas sa konsumo at paglago sa *real estate* at konstruksyon, serbisyong hotel at pagkain, transportasyon at imbakan, utilidad gaya ng tubig, telekomunikasyon at kuryente, *wholesale and retail*

*trade*, at pagbabangko. Kapansin-pansin na sa mga sektor na ito nagpayaman ang mga oligarkiya at kanilang mga korporasyon.

Sa kabilang banda, ang mga internal at pundamental na salik para sa sustenidong paglago – ang matibay na pundasyon sa agrikultura at industriyang Pilipino – ay mistulang pinabayaan. Mahalaga sana ang mga produktibong sektor na ito sa paglikha ng maraming trabaho at pagkakaroon ng mas malaking kita para sa mga magsasaka at manggagawa. Mas sustenidong magpapalakas ito sa produksyon at konsumo ng marami pang lokal na produkto at serbisyo. Sa halip na maging prodyuser ang ekonomiya, nagmistulang nangangalakal ito at umaasa na lamang sa mga imported na produkto. Naging patakaran din ng pamahalaan na ipako ang sahod at kita sa antas na lubos na nagpahina sa kakayahan ng mga tao na bumili.

Sa ilalim ni Duterte natapos ang panahon ng matataas na tantos ng paglago. Ang mga inaasahang eksternal na salik ay isa-isang humina.

Naitala ang pinakamataas na tantos ng paglago ng OFW remittances sa 25% noong 2005. Subalit mula noon ay nagsimula na itong bumaba. Bumulusok ito sa 5.6% noong 2009 kasunod ng pandaigdigang krisis sa ekonomiya at mula noon ay nasa pababa nang direksyon. Ang tantos ng paglago ng OFW remittances ay 5% noong 2016 at 3.1% na lamang noong 2018, pinakamabagal sa nakalipas na 16 na taon. Bahagya itong tumaas sa 4.4% noong Enero hanggang Nobyembre ng 2019.

Mistulang papalubog na rin ang tinaguriang “*sunshine industry*” na BPO. Mabilis na lumago ang kita ng mga BPO mula 2005 hanggang 2009, sa taunang tantos na 48.4 porsyento, subalit bumagal pagkatapos ng pandaigdigang krisis sa ekonomiya sa taunang 26.2% mula 2010 hanggang 2016. Sa tantya ng IT and Business Process Association Philippines (IBPAP), nasa US\$26.1 bilyon ang kinita ng sektor noong 2019 o katumbas ng 5.2% paglago mula sa US\$24.8 bilyon noong 2018. Mas mabagal ito kumpara sa 6% paglagong naitala mula 2017 tungong 2018. Samakatuwid, mula 2017 hanggang 2019, lalo pang bumagal ang paglago ng sektor sa taunang abereyds na 5.6 porsyento.

Bumaba naman ang pumasok na dayuhang pamumuhunan sa ilalim ni Duterte, mula US\$10.3 bilyon noong 2017 tungong US\$9.8 bilyon noong 2018. Bumaba

pa ito sa US\$5.8 bilyon mula Enero hanggang Oktubre noong 2019 kumpara sa US\$8.6 bilyon sa parehong panahon noong 2018.

Dulot ng matagalang krisis sa pandaigdigang ekonomiya ang pagtamlay ng naaakit na dayuhang pamumuhunan ng Pilipinas at pagkitid rin ng merkado ng mga eksport. Sa tantya ng United Nations Department of Social and Economic Affairs (UNDESA), bumagsak sa 2.3% ang tantos ng paglago ng GDP ng buong mundo noong nakaraang taon na pinakamababa mula noong krisis ng 2008-2009.

Lalong naging matingkad ang patuloy na pag-asa ng gobyernong Duterte sa pandaigdigang ekonomiya sa halip na patatagin ang lokal na ekonomiya bilang pundasyon ng sustenido at malawakang pag-unlad.

## **2 Paano ito hinaharap ng gobyernong Duterte?**

Todo-buhos sa paggastos ang pamahalaan upang mapigil ang bumabagal na ekonomiya at upang artipisyal na pasiglahin ito, sa halip na harapin ang mga ugat at pundamental na kadahilanan. Subalit maski ang tinatawag na *pump-priming* (o paggastos ng pamahalaan) ay hindi umuubra.

Pinalobo ng gobyernong Duterte ang paggastos sa imprastruktura, programang panlipunan bilang tabing sa kahirapan, at pagpapataas ng sahod ng ilang mga empleyado ng pamahaalan, lalo na sa kapulisan bilang pagpapatatag ng awtoritaryang kontrol ni Duterte.

Mula 2017 hanggang 2019, Php2 trilyon na ang nailabas ng pamahalaan para sa gastusing pang-imprastruktura o katumbas ng Php667 bilyon kada taon. Nalagpasan na nito ang gastos na Php1.8 trilyon (Php291.7 bilyon kada taon) para sa imprastruktura sa buong termino ni Noynoy Aquino.

Totoong may papel ang imprastruktura para sa pagtutulak ng pag-unlad ng bansa. Subalit sa kaso ng Build, Build, Build (BBB) na programa ng administrasyong Duterte, nakatuon ito sa imprastrukturang pang-transportasyon na magpapagaan sa daloy ng kalakalan at negosyong serbisyo ng mga lokal at dayuhang kapitalista at hindi sa pagpapataas ng produktibidad ng ekonomiya ng bansa. Nagiging panandaliang pampasigla

lamang ang BBB at hindi naman nito pinapahusay ang potensyal ng agrikultura at lokal na industriya.

Pinopondohan ng gobyernong Duterte ang tumaas na paggastos sa pamamagitan ng mas mataas na buwis sa ilalim ng pinaka-komprehensibong reporma sa pagbubuwis, ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Bumango ang gobyernong Duterte sa mga nagpapautang sa pagpasa sa TRAIN – ibig sabihin, may kakayahan itong mangalap ng pondo at magbayad ng utang, kung kaya't nangutang rin ito nang todo-todo.

Kada buwan, nangungutang ang gobyernong Duterte ng Php43 bilyon, malaki nang tatlong beses sa gobyernong Aquino (Php19 bilyon kada buwan) at dalawang beses sa gobyernong Arroyo (Php21.2 bilyon). Umabot na sa Php7.7 trilyon noong Nobyembre 2019 ang utang ng pamahalaan. Hindi magandang tunguhin ito lalo na at tuloy-tuloy ang pagbagal ng ekonomiya.

Lumalaki ang depisito sa kita-gastos ng pamahalaan, na umabot sa Php558 bilyon noong 2018, katumbas ng 3.2% ng GDP. Ito na ang pinakamataas sa loob ng walong taon.

Sa kabila ng todong pump-priming, bigo ang BBB ng gobyernong Duterte na pasikarin ang paglago ng ekonomiya. Sa *75 infrastructure flagship projects* (IFP) ng BBB na nagkakahalagang Php2.2 trilyon, 91% ay magmumula sa pangungutang. Katumbas ito ng Php2 trilyon para sa 56 na proyekto. Noong Hulyo 2019, dalawa pa lamang sa 75 IFP ang natapos habang siyam lamang ang nasa yugto ng konstruksyon.

Noong Nobyembre 2019, inilabas ng National Economic and Development Authority (NEDA) ang listahan ng 100 IFP. Sa ilalim ng listahang ito, 35 proyekto ang diumano'y nasa yugto ng konstruksyon at 32 ang magsisimulang itayo sa susunod na anim hanggang walong buwan. Tatlumpu't walo (38) sa mga proyektong ito ang tinatayang makukumpleto bago magtapos ang termino ni Duterte.

Samantala, ginastusan ng gobyernong Duterte ang ilang programang panlipunan, kasama na ang pamumudmod ng pera (katulad ng *conditional cash transfers* o CCT) upang iangat kahit papaano ang paggastos ng sambahayan

bilang tabing sa lumalalang kalagayan ng kahirapan. Pinalawak ang CCT at ginawa itong institusyonal sa ilalim ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (o 4Ps). Itinaas ang pondo nito nang 23% mula Php82 bilyon noong 2019 patungong Php101 bilyon ngayong 2020.

Dumoble ang ipinamudmod na pera noong 2018 sa 4.18 milyong pinakamahihirap na sambahayan – sa abereyds na Php21,871 kada isa. Kasama rito ang dagdag na *rice subsidy* sa ilalim ng CCT, pondo para sa *modified* CCT (MCCT), at dagdag na *unconditional* cash transfers (UCT), ang tatlong taong pondo para umano bigyang ayuda ang 10 milyong pinakamahihirap na pamilyang naaapektuhan ng TRAIN.

Pinondohan din ng gobyernong Duterte ang mga populistang hakbang nito sa libreng matrikula sa *state universities and colleges* (SUCs), libreng irigasyon, at para sa Universal Health Care (UHC). Ang mga ito ay pag-alwan sa gastusin ng mga sambahayan, subalit nanatiling panandalian.

Panghuli, inaprubahan ni Duterte ang pagtaas ng sahod ng ilang kawani ng pamahalaan, partikular ang kapulisan at militar na nakakuha ng pinakamalaking pagtaas ng sahod. Tumaas nang mula 40% hanggang 122% ang sahod nila mula 2009 hanggang 2019. Pinakamalaki ang itinaas ng sahod ng mga Director General ng Philippine National Police (PNP) at Philippine Public Safety College (PPSC) mula Php67,500 tungong Php149,785.

Samantala, ang mga kaguruang matagal nang nananawagan ng umento ay kakarampot at utay-utay ang matatanggap. Itinaas lamang ni Duterte nang mula 2.7% hanggang 7.5% ang sahod ng kaguruan mula 2019 hanggang 2020 sa ilalim ng Republic Act (RA) 11466 o Salary Standardization Law of 2019 o SSL5. Kahit pa makuha nang buo ng mga guro ang umento hanggang 2023, mas mataas pa rin ang Php29,668 na sahod ng isang *private officer* ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Police Officer 1 ng PNP kaysa sa sahod ng Teacher 1 (Php27,000) at Teacher 2 (Php29,165).

Maliit at hindi sapat ang umento para sa mga manggagawang pangkalusugan sa ilalim ng SSL5. Makatatanggap ang mga nasa Salary Grade 1 ng Php13,000 sa ilalim ng batas mula sa dating Php11,068 sahod, o Php1,932 umento, na hahati-hatiin pa sa loob ng apat na taon.

### **3** Ano ang tunay na kalagayan ng ekonomiya at mamamayan?

Katulad ng nabanggit, mahalaga ang pagkakaroon ng masigla at matibay na agrikultura at industriya sa paglikha ng empleyo, pagtaas ng kakayahang bumili ng masang anakpawis, at pagpapatatag ng produktibong kapasidad ng lokal na ekonomiya. Subalit ang mga ito ay pahina nang pahina sa ilalim ni Duterte. Maliit ang pagpapahalaga ng pamahalaan sa agrikultura, habang ang industriya naman ay kiling sa dayuhang namumuhunan.

Sinalanta ng neoliberalismo ang agrikultura na nagresulta sa tuloy-tuloy na pagdausdos nito sa nakalipas na apat na dekada. Samantala, walang matatag at pambansang industriya ang Pilipinas, at ang manupaktura ay dinodomina ng dayuhang pamumuhunan at nakatuon sa paglikha ng mga produkto para sa pangangailangan ng pandaigdigang merkado.

Paliit nang paliit ang bahagi ng agrikultura sa GDP. Mula 14% noong 2000 bumaba ito sa 11.6% noong 2010 at lalo pang lumiit sa 7.8% noong 2019.

Mas mataas ang tantos ng paglago ng sektor ng agrikultura nitong 2019 na 1.5% kumpara noong 2018 na nasa 0.9% lamang. Magkagayunman hindi ito nangangahulugan ng pagbangon at paglago ng sektor ng agrikultura lalo pa't walang plano ang administrasyong Duterte para sa pagpapaunlad nito. Bagkus, lalo pang binubuyangyang ang sektor sa mga pwersa ng merkado, katulad ng walang-habas na importasyon ng mga produktong agrikultural. Sa nakalipas na dekada, 1.2% lamang ang abereyds na tantos ng paglagong naitala para sa sektor.

Hindi sapat ang badyet na inilalaan para sa agrikultura. Mula 2017 hanggang 2019, nasa 3.5% lamang ng kabuuang badyet ang inilaan ng administrasyong Duterte para sa sektor. Maliit ito kumpara sa administrasyong Arroyo (4.7% mula 2001-2010) at Aquino (4.2% mula 2011-2016).

Ang Php15 bilyon itinaas ng badyet ng Department of Agriculture (DA) para sa taong 2020 mula Php47 bilyon noong 2019 patungong Php62 bilyon ay dahil lamang sa Php10 bilyong Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF)



sa ilalim ng RA 11203 o Rice Liberalization Law at hindi pa para sa tunay na pagpapaunlad sa sektor.

Sa kabilang banda naman, unti-unti nang numinipis ang bahagi ng manupaktura sa ekonomiya ng bansa sa mga nakalipas na dekada. Mula sa abereyds na 26% ng GDP noong dekada '80, lumiit ito sa 25% noong dekada '90, 24% sa unang dekada ng 2000, hanggang maging 23% na lamang nitong 2019.

Bumagal din ang paglago ng manupaktura na sensitibo sa pagbagal ng pandaigdigang ekonomiya at gera sa kalakalan' sa pagitan ng US at China dahil na rin sa katangian nitong dominado ng dayuhang kapital at oryentasyong pang-eksport. Pinakamabagal sa nakalipas na isang dekada ang naitalang 3.8% tantos ng paglago.

Dahil sa kasalukuyang katangian ng manupaktura ng bansa, hindi ito nakaaambag sa pagtataguyod ng pambansang industriya. Ang masasabing manupakturang Pilipino ay nasa pagkain at inumin at iba pang produktong konsyumer na gumagamit ng napakababang teknolohiya. Habang yaong gumagamit ng mas mataas na teknolohiya katulad ng elektroniks, makinarya, kagamitan, at iba pang *capital goods* ay nasa kontrol ng dayuhang kapital. Kadalasan ang mga ito ay *assembly* o *semi-processing* lamang at pawang para sa eksport. Sa ganitong kaayusan, halos walang ambag sa lokal na ekonomiya ang dayuhang manupaktura na nag-iimport din naman ng kanilang makina, teknolohiya at hilaw o *semi-processed* na materyales. Suma-total, mababa ang dagdag na halaga o *value-added* ng manupaktura sa bansa.

Lumalabas pa nga na *subcontractor* lamang ng dayuhang kapitalista ang manupakturang Pilipino para sa *global value chains* (GVCs), samantalang ang dayuhang manupaktura ay ginagamit lamang ang bansa bilang lokasyon para sa GVCs. Dahil ito sa murang lakas-paggawa at hilaw na materyales at mapagbigay na mga insentiba sa dayuhan.

Nawawalan ng kapasidad o pagkakataon ang ekonomiya ng bansa na marating nito ang industriyalisasyon. Limitado ang kapasidad na mag-prodyus ng mga pangangailangan ng mamamayan at ng ekonomiya upang umunlad

pa ito. Sa katunayan, lumobo ang imported, lalo na ang mga materyales para sa imprastruktura at konstruksyon, subalit kasama rin ang mga makinarya man o hilaw na materyales, pagkain man o produktong konsumo. Inabot ang pinakamalalang depisito sa kalakalan sa ilalim ng gobyernong Duterte.

Sa kawalan ng pag-unlad ng agrikultura at industriya, hindi lumilikha ng sapat na trabaho ang ekonomiya para sa milyong pwersa sa paggawa. Kung may trabaho man ay hindi sapat ang kinikita ng isang karaniwang manggagawa para buhayin nang marangal ang kanyang pamilya. Lalong nagiging dayukdok sa kahirapan ang karamihan ng mga Pilipino, samantalang may napakakitid na bahagi ng populasyon na nagkakamal ng labis-labis na tubo.

Sa paghina ng agrikultura at lokal na manupaktura, nakararanas ngayon ang bansa ng walang kapantay na krisis sa trabaho. Historikal ang rekord ng administrasyong ito sa tunay na bilang ng mga walang trabaho. Isang indikasyon din ng kapalpakan ng ekonomiya na makalikha ng sapat na trabaho ang patuloy na pagtaas ng bilang ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.

Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), nadagdagan ng 1.3 milyon ang may trabaho sa bansa patungong 42.4 milyon noong 2019. Dahil dito nabawasan naman ng 40,000 ang bilang ng walang trabaho patungong 2.3 milyon na lamang – 5.1% ang tantos ng walang trabaho ibig sabihin. Ngunit pambawi lamang ito sa malakihang bilang ng nawalang trabaho sa simula ng termino ni Duterte.

Sa katunayan, nakalikha lamang taon-taon sa ilalim ni Duterte ng abereyds na 477,000 trabaho – ikalawang pinakamalala ito sa mga administrasyon pagkatapos ni Marcos. Mas mataas ito nang bahagya kaysa sa panahon ni Estrada na nagmula sa katatapos na krisis pampinansya sa Asya. Patuloy ang tumitinding krisis sa agrikultura na muling nawalan ng 300,000 trabaho sa ikatlong sunod na taon noong 2019. Sa pangkabuuan, mula nang maupo si Duterte sa pwesto, 1.4 milyong trabaho na ang nawala sa sektor at umabot na lamang sa 9.7 milyon ang may trabaho. Ito ang pinakamababang bilang ng may trabaho sa agrikultura mula noong 1989 o sa nakalipas na tatlong dekada.

Nabawasan din ang empleyo sa manupaktura, bagamat nang minimal na 6,000 sa kasalukuyan, na umaabot na lamang sa 3.6 milyong may trabaho. Ang naitalang pagtaas sa empleyo ay sa mga sektor na may mababang pasahod gaya ng wholesale and retail trade (459,000) at sa konstruksyon (287,000), kasunod ang pampublikong sektor (227,000). Kung sa ganitong batayan lamang, mainam ang anumang pagtaas ng empleyo sa bansa lalo pa't nagmula sa pagkupis ng empleyo sa maagang bahagi ng administrasyong Duterte. Ngunit sa mas malalim na pagsusuri, lumilitaw na walang indikasyon ng pangmatagalang pag-unlad.

Mayor na problema sa estadistika ng gobyerno ang pagpapalit ng depinisyon ginamit para tukuyin ang walang trabaho mula pa noong 2005. Kung gagamitin ang dating depinisyon upang mas maging tumpak ang paghahambing at upang mabilang ang lahat ng tunay na walang trabaho, makikitang tumaas pa sa historikal na 4.7 milyon ang mga Pilipinong walang trabaho. Ang tantos ng kawalan ng trabaho ay nasa 9.9%, halos doble ng opisyal na pinalalabas ng gobyerno. Malapit pa rin ito sa historikal na tala ng taunang tantos na 10.2% mula 1980 hanggang 2019.

Bumaba naman ang bilang ng *underemployment* nang 802,000. Ibig sabihin nasa 10.6 milyon ang pangkabuuang bilang ng *underemployed* at totoong walang trabaho (kasama ang mga tinanggal ng pamahalaan sa paggamit ng ibang depinisyon ng disempleyo).

Batay sa datos, ang mga bagong trabahong nalikha noong 2019 ay *wage and salary workers* na tumaas nang halos 1 milyon sa 27.2 milyon o 64.2% ng pangkabuuang empleyo. Ang ganitong uri ng trabaho ay diumano regular at may maayos na pasahod.

Pero sa taya ng IBON, apat sa 10 nagtrabaho sa mga pribadong empresa ay di-regular at *agency-hired*, habang nasa tatlo sa 10 ng mga manggagawa sa gobyerno ay mga kontrakwal na may Job Order o Contract of Service.

Ibig sabihin, 27.2 milyon o 64% ng trabaho noong 2019 ay mababang kalidad ng trabaho na kinabibilangan ng mga di-regular at *agency-hired* (9 milyon), kontraktwal sa gobyerno (1.1 milyon), at mga nasa impormal na trabaho (17.2 milyong kinabibilangan ng mga manggagawa sa mga pribadong kabahayan,

sahurang manggagawa sa sariling negosyo o bukid ng pamilya, *own account workers*, at mga walang bayad na *family workers*).

Sa mga sahurang, nananatiling mababa ang sahod at sa katunayan pa nga ay padausdos. Bagamat wala pang datos mula sa PSA sa karaniwang natatanggap ng mga manggagawa bilang arawan na sahod, ang sahod sa National Capital Region (NCR) ay maaaring indikasyon ng lala ng pasahod sa bansa. Ang tunay na halaga ng Php537 na minimum na sahod sa NCR ay bumagsak mula Php468 noong Hunyo 2016 tungong Php448 noong Disyembre 2019. Wala rin ito sa kalahati ng Php1,025 – ang halaga na kailangan ng isang pamilyang may limang miyembro para mabuhay. Patuloy ring inaatake ang mababang sahod ng patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin, maski pa sinasabing bumagal na ang implasyon.

Sa ganitong kalagayan lubhang napapabulaanan ang pagsisinungaling ng gobyernong Duterte tungkol sa humahataw na ekonomiya. Nanatiling nasa krisis ang ekonomiya na hindi makalikha ng sapat na trabaho at kita para sa kanyang mamamayan. Kung tutuusin, 31.9 milyong Pilipino o 68% ng pwersa ng paggawa ay walang trabaho o di kaya naman ay nasa mababang-kalidad na trabaho. Idagdag pa riyan ang may 10.4-12 milyong migranteng manggagawa.

Muli, pinagtatakan ito ng pamahalaang Duterte sa pagpapakita ng estadistika na bumababa ang bilang ng mahihirap. Ayon sa datos ng gobyerno, sa pagitan ng 2015 at 2018 umahon sa kahirapan ang 1.1 milyong pamilya o 5.9 milyong Pilipino. Noong 2018, 12.1% na lamang ng kabuuang bilang ng mga pamilya sa bansa, katumbas ng 3 milyong pamilya, at 16.6% na lang ng populasyon o 17.6 milyong Pilipino, ang mahirap.

Ngunit ang pagbabang ito ay mapanlinlang. Ang totoo, mataas pa rin ang bilang ng mahirap sa bansa at hindi pa rin nalulutas ang ugat ng kahirapan sa bansa.

Una, ang pagbaba kasing ito ay nakabatay sa napakababang itinakdang sukatan ng kahirapan. Ang opisyal na *poverty line* upang matukoy kung sino ang mahirap sa bansa ay napakababa sa Php71 sa kada tao kada araw, o Php 10,727 kada buwan para sa pamilyang may limang miyembro. Sa madaling salita, sinasabi ng pamahalaan na sapat na ang halagang ito para sa mga pangangailangan sa pagkain at iba pa ng isang pamilya. Mas nararapat na

tawagin itong panukat para sa busaksak na kahirapan sa bansa.

Itinatago ng ganitong pamantayan ang tunay na kalagayan ng milyong-milyong mga Pilipino. Sa parehong opisyal na datos ng kita ng mamamayan sa bansa, ipinapakita ng IBON na 12.4 milyong pamilyang Pilipino o higit kalahati ng populasyon ay nabubuhay sa Php132 o mas mababa pa kada tao kada araw.

Hindi rin makikita sa panukat na ito ang iba pang aspeto ng kahirapan sa bansa labas sa kita, gaya ng seguridad sa kita, kawalan ng disenteng trabaho, kakulangan ng edukasyon, kakulangan sa nutrisyon at kalusugan, kakapusan sa pabahay, kakulangan ng tubig, sanitasyon at kuryente, kawalan ng ari-arian, pagsasamantala, at iba pang bulnerabilidad. Kung gagamitin ang mas resonableng pamantayan sa kita at iba pang aspeto ng kahirapan sa bansa, makikitang nasa kalahati hanggang mga dalawang-katlo ng populasyon ang mahirap.

Ikalawa, ang ginawa ng pamahalaan na pagpabaha ng cash transfers ang pangunahing dahilan sa naitalang pagbaba ng opisyal na insidente ng kahirapan sa bansa. Batay na rin sa kalagayan ng trabaho sa bansa, walang anumang indikasyon na ang mga “naiahon” sa kahirapan ay dahil sa pagkakaroon ng disenteng trabaho.

Artipisyal, kung gayon, ang pagbaba ng kahirapan. Hindi kanais-nais na programa na paasahin sa matagal na panahon ang mahihirap sa cash transfers sa halip na solusyunan ang kawalan ng trabaho at oportunidad sa bansa. Aabot sa puntong hindi na mapopondohan ng pamahalaan ang programang ito.

Sa ulat ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), nasa Php11,578 ang naipamahagi sa bawat mahirap na sambahayan sa bansa na may kabuuang bilang ng 4.4 milyon sa ilalim ng 4Ps noong 2015. Kabilang dito ang 4.16 milyong sambahayang sakop ng regular na CCT at 237,859 naman sa ilalim ng MCCT.

Nadoble ang halagang ito sa Php21,871 pagdating ng 2018 para sa 4.18 milyong pinakamahihirap na pamilya. Kabilang sa halagang ito ang Php19,471

para sa 4Ps na mayroon nang dagdag na rice subsidy. Ipinagpapalagay ring sila ay nakatanggap ng Php2,400 na UCT sa ilalim ng TRAIN.

Hindi malayong ang 1.1 milyong “naiangat” sa kahirapan ay ang mga pamilyang nasa ilalim ng poverty line batay sa Family Income and Expenditures Survey (FIES) noong 2015 na umangat sa linyang ito dulot ng cash transfers sa pagitan ng 2015 at 2018 at hindi dahil sa pag-unlad ng ekonomiya at ng kanilang kabuhayan.

Nakatulong mang madagdagan ang taunang kita ng pinakamahirap na mga Pilipino, hindi dapat ito maging permanenteng suporta sa kita at sa halip ay panandaliang mga panlipunang proteksyon lamang sa panahon ng pagpapalit ng trabaho di kaya’y sa panahon na mataas ang bulnerabilidad gaya ng panahon ng kalamidad at ibang pang *emergency*.

Hindi rin mapapalitan ang papel ng de-kalidad na trabaho para siguruhin ang mas mataas na antas ng pamumuhay para sa mamamayan at para maging para sa lahat ang pag-unlad.

Bukod sa cash transfer, nagpatupad din ng mga panlipunang programa ang administrasyong Duterte gaya ng libreng matrikula sa SUCs, ang UHC sa kalusugan, at libreng irigasyon.

May kaparehong problema sa CCT ang mga ito. Hindi maitatangi ang ayudang naibigay ng mga programang ito para sa mga pamilyang nagpapaaral sa kolehiyo at nangangailangn ng atensyong medikal, o di kaya’y mga magsasaka na ubos ang kapital sa pagbabayad ng irigasyon. Subalit napagtatakpan nito na wala pa ring solusyon sa lumalalang problema ng kakulangan sa pondo ng SUCs, pampublikong ospital, at agrikultura.

Nasa kalahati ng bilang ng mga kabataan na nasa edad ng kolehiyo ang nakikinabang sa SUCs habang ang balanse ay sinasalo ng mas mahal na mga pribadong paaralan. Mukhang wala namang plano ang pamahalaan na palawakin pa ang sakop ng programang ito. Katunayan, nabawasan pa nga nang 10% ang badyet para rito sa taong 2020 na nasa Php42 bilyon na lamang.

Gayundin, pinakikinabangan ang UHC ng mga pamilyang nangangailangan ng atensyong medikal mula sa mga pampubliko at pribadong ospital, ngunit walang balak ang pamahalaan na palawakin at paunlarin pa ang sistema ng mga pampublikong ospital. Papaunti nang papaunti ang bilang ng napaglilingkuran ng pampublikong ospital. Sa ilalim ng administrasyong Duterte, lumalala ang kalagayang mas tumataas ang kayang tanggapin ng mga pribado kaysa sa mga pampublikong ospital. Mas mahal ng tatlo hanggang apat na beses ang mga pribadong ospital kumpara sa mga pampublikong ospital, kaya naman ang UHC ay nagiging gatasan na lamang ng kita ng mga pribadong establisimiyentong pangkalusugan at mga kompanya ng gamot.

Binabalikat pa rin ng mga Pilipino ang serbisyong pangkalusugan kahit pa halos unibersal na ang sakop ng PhilHealth. Sa datos ng Philippine National Health Accounts ng PSA, tinatayang 54% ng Php767 bilyon gastos sa kalusugan noong 2018 ay nagmula sa bulsa ng mga pasyente. Sa ganitong indikasyon, bigo ang UHC na magbigay alwan sa pinamahihirap na Pilipinong nangangailangan ng serbisyong medikal.

Maski ang programang libreng irigasyon ay pabalat-bunga, gayong narating na ng gobyernong Duterte ang pinakamaliit na bahagi sa badyet para sa agrikultura, habang iniliberalisa nito ang sektor sa produkto ng ibang bansa.

Hinadlangan ng neoliberalismo ang pag-unlad ng agrikultura at industriya sa bansa. Nagresulta ito sa kawalan ng disentang kabuhayan at lumalalang problema ng kahirapan. Ngunit walang pagtalikod na mangyayari sa ilalim ng gobyernong Duterte. Sa katunayan, walang pakundangan nitong ipinagpapatuloy ang mga polisiyang sumisira sa pagkakataon ng bansang magtamasa ng tunay na pag-unlad.

## **4 Sa kabila ng masahol na kalagayan ng mamamayan, ano-ano ang mga ipinatupad na patakarang neoliberal ng gobyernong Duterte?**

Sa gitna ng bumabagal na ekonomiya, na hindi makalikha ng sustenableng trabaho at may laganap na kahirapan, nagpapatupad pa ang gobyernong Duterte ng mga neoliberal na patakarang mas masahol pa kaysa sa mga sinundan nitong administrasyon.

Gamit ang awtoritariyanismo, ginawa ni Duterte na mas maka-mayaman at kontra-mahirap pa ang ekonomiya. Pangunahing nakikinabang sa mga patakaran ng gobyerno ang dayuhang namumuhunan at lokal na oligarkiya.

Isa ang TRAIN sa pinakakontra-mamamayang programa ng administrasyong Duterte. Ito ang pinaka-regresibo at komprehensibong reporma sa pagbubuwis sa kabila ng pahayag ng gobyerno na pakikinabangan ito ng mayorya ng mamamayan. Pangatlong taon na ito ng pagpasan ng mahirap ng mas mataas na buwis sa kanilang konsumo, lalo na sa produktong petrolyo, na nagpataas sa presyo ng mga bilihin habang wala naman silang natamang disentang trabaho at sahod o di kaya'y umento.

Sa kabilang banda, pinapagaan ng TRAIN ang obligasyon ng pinakamayayaman sa pamamagitan ng mas mababang buwis sa kanilang kita at yaman. Ang pinakamayayaman at pinakamalalaking kompanya pa rin ang makikinabang sa pagpasa ng Corporate Income Tax and Incentives Rationalization Act (CITIRA), ang pangalawang pakete ng TRAIN: babawasan nito ang buwis sa kapital at pamumuhunan ng mga korporasyon.

Pangalawa ang maka-negosyong BBB ni Duterte. Mahigit 90% ng proyektong imprastruktura rito ay pang-transportasyon, para sa daloy at mobilidad ng negosyo at hindi naman para sa pag-alwan ng krisis ng transportasyon sa masang mananakay. Mayorya ng alokasyon para sa BBB ay nakakonsentra pa rin sa mga rehiyong pawang masigla na ang aktibidad sa ekonomiya (real estate man o wholesale and retail trade o *export manufacturing*) relatibo sa ibang rehiyon.



Pondong pampubliko ang panggastos para sa BBB, habang ang proyekto ay hawak ng kontratadong pribadong korporasyon sa konstruksyon at imprastruktura, dayuhan at kasosyong lokal, na may kapakinabangan din sa mga politiko at opisyal ng pamahalaan. Lumalabas na sinusustentuhan ng kabang bayan ang tubo ng mga korporasyon at kotong na rin ng mga lokal na opisyal.

Sa pangmatagalan, kikita nang husto ang mga real estate *developers* habang tumataas ang halaga ng lupa, ang mga may-ari ng *shopping malls* dahil sa dagdag na trapikong hatid ng pinahusay na mga kalsada, at ang mga dayuhang kompanya sa manupaktura na makikinabang sa pinadaling paggalaw ng mga produkto.

Pangatlo ang Rice Liberalization Law na nilayong magpapababa ng implasyon bunga ng pagbaha ng imported na bigas na nagpapalala sa krisis ng agrikultura sa bansa. Mapaminsala at delikado ang pagsalig sa eksternal na merkado para sa sariling batayang pagkain ng isang bansa. Nanganiban na mawalan ng kabuhayan ang 250,000 hanggang 350,000 maliliit na magsasaka. Bumabagsak na ang kita ng milyong-milyong magsasaka ng bigas at kanilang mga pamilya dahil sa biglang-bagsak ng presyo ng palay. Nagdadalawang-isip na sila kung itutuloy pa ang pagtanim at pag-ani ng palay.

Lumobo na ang importasyon ng bigas mula 2.0 milyong metriko tonelada (MMT) noong 2018 tungo sa wala pang kapantay na 2.9 MMT nitong Nobyembre 2019. Mabilis nitong pinaguguho ang seguridad sa pagkain. Ang Rice Competitive Enhancement Fund o RCEF na ipinangakong pondong magpapaunlad sa produksyon ng mga magsasaka ng bigas ay kapos para iangat ang lokal na industriya at wala sa kalingkingan ng subsidyong inilalaan sa pagsasaka ng bigas sa Vietnam at Thailand, na nag-eeksport ng bigas sa Pilipinas. Susunod na ang industriya ng asukal sa mga ililiberalisa ngayong taon.

Pang-apat ang patakaran ng administrasyong Duterte na ipako ang sahod ng mga manggagawa. Pinakakarampot ang umentong natanggap ng mga manggagawa sa ilalim ng gobyernong Duterte. Pinakakaunti at

pinakamababang umento ang naitala sa ilalim ni Duterte sa loob ng 33 taon: Php46 lamang kumpara kina Benigno Aquino (Php87), Arroyo (Php404), at kahit kay Estrada (Php52).

Ipinapakita lamang nito na pinakamalalang pambabarat o *wage repression* ang nangyayari sa kasalukuyang gobyerno. Ipinapatupad rin ng mga Regional Wage Boards (RWB) ang *two-tier wage system* na nagtatakda ng arawang sahod na mas mababa pa sa minimum bilang konsiderasyon diumano sa kakayahan ng kompanya. Binibigyan na lamang ng dagdag na *productivity allowance* ang mga manggagawang mahusay ang paggampan. Pero napaka-arbitrario nito at dagdag na puwang pa para baratin ang mga manggagawa.

Panlima, pasakit ang pribatisasyon ng mga pampublikong yutilidad tulad ng tubig, kuryente at transportasyon, at komersyalisasyon ng serbisyong pangkalusugan, edukasyon, at pabahay. Dahil sa pribatisasyon at komersyalisasyon ng serbisyo na naghahabol ng tubo para sa negosyo, nadadagdagan ng di-makatuwirang bayarin ang publiko. Ito’y kahit hindi naman episyente ang yutilidad – tingnan na lang ang *water service interruptions*, ang *rotational brownouts*, at ang papalalang trapik sa mga sentrong lungsod lalo na sa NCR.

Nagpapasasa ang mga oligarkiya sa sektor ng tubig, kuryente at transportasyon. Kung kaya’t ang pagtanggap sa kamay nila ng mga yutilidad na ito ay krusyal para mahawakan na ito ng gobyerno at maip plano ayon sa pangangailangan ng mamamayan. Walang saysay ang pananakot ni Duterte na puputulin ang konsesyon ng Maynilad at Manila Water at isasabansa ang tubig, halimbawa, kung ang totoong balak ay ipasa lamang ito sa bagong oligarkiya. Makikita sa *local water districts* ang lumalakas na presensya ng mga Villar, lalo na sa mga erya na wala pa ang mga Ayala at Pangilinan. Gayunpaman, walang pinag-iba sa ibang oligarkiya at palpak pa rin ang serbisyo ng mga Villar sa tubig, batay sa mga inisyal na report ng Commission on Audit (COA).

Ganundin ang komersyalisasyon ng serbisyong edukasyon, pangkalusugan at pabahay. Maka-pribadong negosyo ang neoliberal na oryentasyon ng pamahalaang Duterte para sa mga panlipunang serbisyong ito upang magsilibi pa ang mga ito na mapagtutubuan ng mga negosyante.

Sa huli, pinatindi ng gobyernong Duterte ang kontrol ng oligarkiya sa ekonomiya ng bansa. Tinataya ng IBON na ang yaman ng 20 pinakamayayamang indibidwal sa Pilipinas ay katumbas ng pinagsamang yaman ng pinakamahihirap na 54 milyong Pilipino.

Mula 2016 ay tuloy-tuloy na lumago ang yaman ng pinakamayayamang indibidwal: ang pinagsamang yaman ng 10 pinakamayayaman ay lumago nang 7.9% tungong Php2.7 trilyon, at ng 40 pinakamayayaman nang 7.2% tungo sa Php4 trilyon nitong 2019. Ang tubo ng pinakamalalaking korporasyon ay lumago pa sa maikling panahong may datos – sa Top 100 kompanya, 56.1%, at sa Top 1,000 naman, 25.9 porsyento.

Kapansin-pansin ang inilago ng yaman ng mga alyado ni Duterte. Sa loob lang ng tatlong taon, lumago nang apat na beses ang yaman ng dating senador na si Manny Villar mula Php85.5 bilyon noong 2016 tungong Php342 bilyon noong 2019. Trumiple ang yaman ni Ramon Ang mula Php57 bilyon hanggang Php145 bilyon. Si Dennis Uy, na nakapasok sa 40 pinakamayayamang Pilipino noong 2019 sa ika-22 pwesto ay may yaman nang Php34.2 bilyon. Nasa *Top 50 conglomerates* na rin ng bansa ang mga kompanya ni Uy na Udenna Corp. at Phoenix Petroleum Philippines. Samantala, maraming sumingaw na kontrobersya sa korapsyon sa mga ahensya at alyado ni Duterte. Tumaas din nang 134% ang pangkalahatang halaga ng konstruksyon sa pinagmulang rehiyon ni Duterte, ang Davao (Php49.1 bilyon noong 2016 hanggang Php115.1 bilyon noong 2018). Mga kamag-anak pala ni Sen. Bong Go ang nangungunang kontraktor ng imprastruktura sa Davao, ang CLTG Builders at Alfredo Builders and Supply, ayon sa Philippine Center for Investigative Journalism (PCIJ).

Napakalinaw na taliwas sa mandato nito, hindi ang kagalingan ng mamamayan at pagpapaunlad ng bansa ang tiniyak ng mga patakaran ng administrasyong Duterte, kundi ang ikalalago ng negosyo, ng dayuhang mamumuhunan, at ng mga kroni.

## 5 Ano ang hugis ng pampolitikang kalagayan sa natitirang panahon ni Duterte?

Sa nalalabi niyang dalawa't kalahating taon sa poder, lalong mayayanig ang anumang popularidad o konsolidasyon sa politika ni Duterte. Kinakaharap niya ang internasyonal na pagkondena hindi lang dahil sa madugong gera kontra-droga kundi marami pang ibang paglabag sa karapatang-pantao. Sa kabila ng pagpostura ni Duterte na pumapalag siya at tumututol sa dayuhang pakikialam, maaapektuhan ng pandaigdigang disgusto sa kanya ang katayuan niya sa politika, hindi lang sa ibang bansa kundi pati sa hanay ng mga negosyante rito, ng mga alyado nya, at ng publiko.

Tatangkain ni Duterte na takasan ang mga pananagutan niya at makapanatili sa poder, kung hindi man siya mismo ay ang kanyang pangkat. Nagiging kagyat na hanggang kaya pa niya ay makapagtukoy na siya ng kapanalig niyang uupo sa pwesto. Ang problema, maski ang mga sinasabing malapit sa kanya o alyado ay hindi solido, at magsisimula ito ng girian at bangayan para sa pwesto.

Anu't anuman, lalala pa ang krisis sa ekonomiya at kaakibat nito, ang panlipunang ligalig. Para mapanghawakan ang sitwasyong ito, ang pagpapabigat ng administrasyong Duterte ng kamay na bakal ang tangi niyang solusyon at tunguhin. Titindi ang mga atake sa mga kalayaan at karapatan ng mamamayan kasabay ng pag-igting ng mga neoliberal na patakaran. Magdudulot ito ng higit pang panlipunang ligalig.

Umpisa pa lang ng administrasyong Duterte ay namumuo na ang internasyonal na pagkondena rito. Subalit nagkaroon ito ng mas prominenteng hugis nang magsampa ng mga reklamong *crimes against humanity* laban kay Duterte sa International Criminal Court (ICC) kaugnay ng kanyang madugong gera kontra-droga. Nilabas ng gobyernong Duterte ang Pilipinas mula sa *Rome Statute* na lumikha ng ICC, subalit naninindigan ang ICC na may hurisdiksyon pa rin ito para dinggin ang mga kaso na isinampa laban kay Duterte. Sakaling makakita ng sapat na ebidensya para magsampa ng pormal na kaso ang ICC, maaaring magkaroon ng mga *warrant* sa pagdakip kay Duterte at iba pang susing myembro ng kanyang gabinete at mga opisyal ng PNP. Mapatunayan man o hindi, lubhang mababahiran nito ang politikal na katayuan ng administrasyon

dahil mapapabilang na ito sa iba pang bansang imbwelto sa mga krimen laban sa sangkatauhan, *genocide*, krimen sa gera, at krimen ng agresyon.

Nakatakda ring imbestigahan ng United Nations Human Rights Council (UNHRC) ang mga kaso laban sa pamahalaang Duterte. Bukod sa *extrajudicial killings* kaugnay ng gera kontra-droga, titingnan din ang mga kasong isinampa ng iba't ibang sektor na biktima ng paglabag ng estado sa mga karapatang sibil, politikal, pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura.

Nadagdag rin sa mga internasyonal na hakbang laban sa gobyernong Duterte ang pagbabala ng US na ipapawalambisa nito ang US visa ng mga sangkot sa pagpapakulong kay Sen. Leila De Lima sa bisa ng Global Magnitsky Act. Nasampolan na rito si Sen. Bato de la Rosa, na kinaharap naman ni Duterte sa walang-ngiping pagbanta ng pagkansela sa Visiting Forces Agreement (VFA) sa pagitan ng US at Pilipinas.

Gaano pa man isawalambahala ng administrasyong Duterte ang kalalabasan ng imbestigasyon ng ICC o UNHRC, o kung hanggang saan ipapatupad ng US ang kanyang Magnitsky Act, apektado na ang reputasyon ng gobyernong Duterte sa daigdig. Maapektuhan ang pakikipag-ugnayan nito sa mga pandaigdigang porum at pagpupulong, at kahit sa mga ugnayang pang-negosyo o komersyal.

Nagiging mahalagang usapin dito kung ganon ang pagtutukoy at pagpoposisyon ni Duterte ng kanyang tagapagmana ng trono. Kailangang matiyak ang mataas na suportang politikal kung sakaling matuloy ang mga kaso at imbestigasyon – kapwa para sa pagpatay sa aabot sa 30,000 suspek sa droga at pinaigting na paglabag sa mga karapatang pantao laban sa mga aktibista sa konteksto ng pinakapal na kampanyang kontra-insurhensya.

Bukod dito, maaari ring bumwelta kay Duterte ang mga naitsapwera niyang mga buruktrata sa posisyon at oportunidad na makinabang sa kapangyarihan. Maaari ring maghiganti ang mga oligarkiya na kanyang tinira para paboran ang kanyang mga kroni. Walang-preno din ang paggamit ni Duterte sa kapangyarihan ng gobyerno at batas para paboran ang mga aliyado nito at pilayin naman ang mga kalaban.

Natural na ang mga pipiliin ni Duterte ay yung mga pinakamalapit sa kanya. Nahinuhang ito ang plano sa pagtitipon ng panganay niyang si Sarah Duterte sa mga kandidato ng administrasyon sa pagka-senador sa ilalim ng Hugpong ng Pagbabago, na naglunsad sa pambansang presensya niya. Pero naungusan na siya ni Bong Go, na bukod sa nakakuha ng pangatlong pinakamaraming boto bilang senador ay hindi lang may presensya sa buong bansa kundi may akses pa sa mga rekursong maihahandog ng pagka-Senador. Nananatili rin siyang tapat sa Presidente; halos palagi pa rin siyang kadikit ni Duterte sa tuwing haharap ito sa publiko.

Kabilang sa paligsahan ang mag-asawang Villar – si Cynthia ay naging numero-unong senador at hawak ang rekurso ng pamilya niya, samantalang si Manny ay dating House Speaker at senador, at ang pamilya nila ngayon ang pinakamayamang oligarkiya. Tumataya din si Alan Peter Cayetano na masugid ang suporta kay Duterte.

Nariyan naman si Bongbong Marcos na hindi nangingimi tungkol sa ambisyong makapanumbalik sa kapangyarihan at lubusin ang pagtulong ni Duterte na malinis ang pangalan nila at marebisa pa nga ang imahe sa publiko. Lumilitaw ding posibilidad si Isko Moreno, na sumikat na sa publiko at maaaring kopyahin ang pag-angat sa pagka-presidente ni Duterte mula sa pagiging alkalde. Posible ring makipagpaligsahan si Manny Pacquiao, na naging senador bilang popular at dakilang propesyonal na boksingero.

Magdedepende sa pakikipag-ugnayan ni Duterte sa kanyang *supermajority* ang pinal na desisyon. Hawak niya ang buong rekurso ng gobyerno, nagtatamasa pa rin diumano ng popular na suporta, at nakapagpundar na rin ng sariling dinastiya. Pero bagaman ayon sa mga ulat ay malakas na pinuno si Duterte, salik na rin ang edad at diumano ay masamang kalusugan sa patuloy nitong pamamayagpag.

Ang paglulunsad ng Department of Interior and Local Government (DILG) ng kilusan para sa Constitutional Reform o CORE pagsapit ng bagong taon ay pagbubukas pa rin sa posibilidad ng pagbabago ng 1987 Konstitusyon o Charter Change (Cha-cha). Sa kabila ito ng pag-anunsyo ni Duterte na malamang ay hindi na magiging posible ang paglipat sa pederal na sistema bago matapos ang termino niya. Makakapagtulak pa rin ang CORE ng malawak na saklaw ng

pampolitika at pang-ekonomiyang Cha-cha bago mangyari ang eleksyon sa 2022.

Umiigting ang diskuntento ng mamamayan sa pagsaksi nito ng nangungunang papel ng administrasyong Duterte sa mabilis na paglaki ng agwat ng mahirap at mayaman, at habang lumalaki ang korapsyon sa kanyang pamahalaan. Malinaw rin ang kakulangan o kawalan ng mga panlipunang serbisyo at pampublikong yutilidad habang mabilis na lumalago ang tubo ng mga oligarkiyang kumokontrol ng mga ito.

Sanhi rin ng pagkadisgusto ng mamamayan ang pagpapatakbo ni Duterte ng kanyang pamahalaan na parang kaharian o *mafia* pa nga – sa isang tipo ng politika na pansariling interes at para sa pagpapanatili ng elitistang paghahari. Sa ehekutibo, 73 opisyal ng militar at pulis ang nakaupo sa 46 ahensya ng pamahalaan – 38 dito ay mga namumunong posisyon. Sa lehislatura, nariyan ang *supermajority* ni Duterte, habang 20 sa 24 senador ay kanya namang alyado. Sa Korte Suprema, 12 sa 15 hurado ay *appointed* sa ilalim ni Duterte. Walang-pakundangan ang mga pakikialam ni Duterte sa iba-ibang sangay ng pamahalaan. Pagsalaula ito sa demokrasya sa bansa.

Pinatindi ng gobyerno ang atake sa kalayaan sa pamamahayag at kalayaan sa akademya, pinapakipot nito ang puwang para sa *civil society* at malawak na kilusang masa, institusyonalisado ang disimpormasyon at pagsisinungaling mismo ng kanyang gabinete, ginagamit ang sistemang ligal laban sa mga aktibista at organisadong mamamayan, at paglabag sa karapatang pantao. Sa ilalim ni Duterte, pagkatapos ng panahon ng diktadurang Marcos, nangyari ang pinakamatinding atake sa mga aktibista, sa gawa-gawang kaso, panghahas, paninira, pagtawag ng terorista, pagpapakulong, at extrajudicial killings.

Pinakamapanganib na ang Pilipinas para sa mga tagapagtanggol ng lupa at kalikasan, ayon sa 2018 na ulat ng Global Witness. Mapanganib rin ang Pilipinas para sa mga mamamahayag at mga manggagawa. Lumalabas rin na tumaas ang pagpatay sa mga abogado. Mapanganib ang Pilipinas para sa mga aktibista at sa mga nagtatrabaho para sa pagbabago.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte ipinatupad ang Executive Order (EO) 70, isang kontra-insurhengyang hakbangin kung saan pinapakilos ang lahat ng ahensya ng pamahalaan laban diumano sa mga armadong grupo, sindikato at terorista, subalit sa katunaya'y itinutok sa mga ligal na organisasyon at aktibista.

Sa pamamagitan naman ng Memorandum Order (MO) 32, pinarami ang pagpapadala ng tropang militar at pulis sa Negros, Samar at Bikol para diumano supilin ang karahasan, subalit itinutok din sa mga ligal na organisasyon, mga magsasaka at mga komunidad sa kanayunan.

Sa pagtatapos ng maligalig na taong 2019, muling nagpaabot ang pangkat ni Duterte sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ng kahilingang buksang muli ang usapang pangkapayaan sa pagitan ng NDFP at gobyerno ng Pilipinas. May ilang pre-kondisyon na napag-usapan – isa na rito ang pagpapalaya ng mga bilanggong politikal (sa mahigit 600, kalahati ay nakulong sa ilalim ni Duterte), lalo na ang matatanda at may sakit, kasama na ang mga NDFP konsultant sa usapang pangkapayapaan.

Subalit, mukhang hindi pareho ang tono ng inaawit ng militar at ng kanilang Commander-in-Chief. Kumontra kaagad ang mga militarista sa gobyerno, mismong ang mga dating heneral na ngayon ay *peace adviser* at *national security adviser*. Binansagan nilang lipas na at hindi kinakailangan ng mamamayan ang mismong substantibong adyenda ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Ginagamit lang daw ito ng Kaliwa.

Ang hindi nila alam, sa nagdaang mga usapan ng gobyerno at NDFP ay napagkasunduan na ang mahahalagang bahagi ng CASER sa repormang agraryo at pagpapaunlad ng kanayunan at pambansang industriyalisasyon mismo ng mga kinatawan ng iba-ibang ahensya ng pamahalaan at ng mga organisasyon. Sa halip, itinutulak ng mga militarista ang tuloy-tuloy na pagpapatupad ng EO 70 at MO 32 at balaking pagdurog sa Kaliwa sa kanilang pabago-bagong target ng petsa.

Sa bahagi ni Duterte, maaaring hindi niya talaga kontrolado ang sarili niyang sandatahang lakas. Maaari ring binabawi nito ang nawalang suporta ng Kaliwa sa nakalipas na taon bilang proteksyon sa mga darating pang hamon



sa kanyang tibay. Pero syempre, maaari ring patibong lang din ito upang ipamukha ang muling pagbagsak ng usapan bilang dahilan ng pagpapatindi ng opensibang kontra-insurhensya at atake sa mga aktibista at organisadong mamamayan.

## **6 Ano ang hamon sa organisadong mamamayan sa ekonomiya at demokrasya?**

Kamakailan ay inilabas ng pamahalaang Duterte ang sinasabing ‘Duterte Legacy’, o diumano’y mga legasiya ng kanyang pagiging presidente. Batbat ng kasinungalingan ito at pinutakte ng kritisismo mula sa midya, akademya at mga organisasyon. Kinuwestyon din kung bakit sa kalagitnaan ng termino pinapakalat ito. Halatang ipinupwesto na ni Duterte ang pagpapabango ng kanyang administrasyon para sa itatalaga nyang tagapagmana ng pwesto.

Pangunahing hamon kung gayon sa organisadong mamamayan ang pagtutuwid ng kasinungalingan at papapalaganap ng katotohanan. Ang totoong legasiya ng gobyernong Duterte ay ang bumabagal na ekonomiya, pinakamalaking depisito sa kalakalan, pinakamataas na bilang ng walang trabaho, pinakamataas na bilang ng nawalang trabaho sa agrikultura, pinakamalaking bolyum ng imported na bigas, pinakakarampot na umento sa sahod, at pinakamalalang agwat ng mayaman at mahirap. Pinakamalala rin ang pagbawi ni Duterte sa anumang demokrasyang naipundar na ng sambayanang Pilipino.

Ipinagpatuloy ng rehimeng Duterte ang pagwasak ng neoliberalismo sa mga pundasyon ng pag-unlad at gayundin sa mga institusyon ng demokrasya. Hamon sa mamamayan na ilantad at hadlangan ang tuloy-tuloy na pananalasa ng neoliberal na awtoritarianismo ni Duterte sa ekonomiya, sa karapatang-pantao at demokrasya.

Mainam na ipokus ang mga pagsusumikap sa pagpapahusay sa pagsiwalat sa pagpapanggap ng gobyernong Duterte na ito ay maka-mahirap, maka-mamamayan at patriyotiko. Hamon at tungkulin ang pagpapataas ng kakayahan sa pagkalap ng mga patotoo sa panlilinlang at pagpapahirap sa taumbayan. Hamon ang tuloy-tuloy na pagsagot upang pabulaanan ang institusyonalisadong disinormasyon.

Tangan ng mamamayang Pilipino ang makulay na kasaysayan ng pagtindig laban sa kolonyalismo noong naunang mga siglo, at sa bagong kasaysayan, sa pananalasa ng imperyalistang globalisasyon, mga pyudal na pagsasamantala, burukrata kapitalismo at korapsyon, at pasismo ng estado. Ang rebolusyon laban sa mga mananakop, ang First Quarter Storm noong dekada '70, ang pakikibaka sa ilalim ng *martial law*, ang pagpapatalsik kina Marcos at Estrada sa pamamagitan ng mga People Power, at ang mga mobilisasyon laban sa iba-ibang isyu ng ekonomiya at lipunan. Malaki man o maliit ang sama-samang pagkilos ng mamamayan ay ipinupundar nito ang makulay na kasaysayan ng pagbuhay sa demokrasya.

Mahalalawan ng inspirasyon ang mga naisagawa sa nagdaang panahon sa ilalim ng gobyernong Duterte sa harap ng tumitinding represyon. Iginigiit ng mga magsasaka ang karapatang magsaka, tamang presyo sa kanilang produkto, at makabuluhang suporta galing sa gobyerno. Tinututulan ng mga mangingisda ang mga *reclamation project* na nagpapalayas sa kanila at sumisira sa kalikasan. Nilalabanan ang liberalisasyon ng bigas. Hindi pumapayag ang mga katutubo sa panghihimasok ng mga minahan, dambuhalang dam at agribisnes sa kanilang lupang ninuno at paaralang pangkomunidad.

Nagwewelga ang mga manggagawa pati mga titser at kawani para sa tamang sahod at laban sa pagsasamantala, kontraktwalisasyon at pagwasak ng mga unyon. Nagtanggol ang maralita ng kanilang karapatan sa pabahay at laban sa demolisyon ng mga komunidad.

Nagsama-sama rin ang iba't ibang sektor para igiit ang soberanya ng bansa laban sa US at China, at lalo na para ipanawagan ang paggalang sa karapatang pantao. Iwinawaksi nila ang awtoritaryanismo at militarismo.

Dahil tinanganan ng mamamayan ang demokrasya, pinagsusumikapan nitong ipagtagumpay ang mga kahilingan at kagalingan, at sa panahong maganit ang tagumpay, tuloy-tuloy itong nakakapukaw, nakakapagorganisa at nakapagpakilos.

Puspusang sinisiraan ng pangkating Duterte ang mga adhikain ng kilusang masa para sa mas maunlad na ekonomiya, mas demokratikong pamamahala, at pagkakapantay-pantay. Wala na raw magagawa at sadyang ang

pagbuyangyang na lamang ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan at pribadong korporasyon ang tanging tahakin nito. Ang sinumang may kakaiba pang ideya kung paano ito uunlad ay binabansagang radikal. Puspusing sinisiraan ng pangkating Duterte ang Kaliwa bilang pinaka-masahang kritikal na oposisyon sa pagsasamantala, panlilinlang at represyon. Binabansagan ng pangkating Duterte at kanyang militar na ang Kaliwa at ang mga aktibista ay terorista nang sa gayon ay siraan ang kanilang mga dakilang mithiin.

Hamon kung gayon sa lahat na iparating sa mamamayan na sa katunayan ay may magagawa para sa isang maunlad, maka-mamamayan at nagsasariling ekonomiya, may magagawa para sa soberanya ng bansa, may magagawa para sa isang pamamahala na tunay na magsisilbi sa malawak na masang anakpawis. Maglatag ng mga kongkretong hakbang – mga reporma man sa kasalukuyang kaayusan o mga radikal na panukala – na ipaglalaman ng taumbayan hanggang sa dulo, sa anumang larangang mabisa, angkop, mapanlikha, at napapanahon.

